ANG TRAHEDYA NI BERT

Dulang May Isang Yugto

Synopsis

Nagbabalik si Inspektor Beneral para sa isa na namang murder mystery! Ang biktima: boss sa call center. Ang mga suspek: si Bert, call center agent na umaamin sa krimen; si Eloy, officemate ni Bert na umaamin sa krimen; at si Ason, lola ni Bert... na umaamin sa krimen. Kailangang paghiwalayin ni Inspektor ang katotohanan at kasinungalingan, at kalimutan ang mga problema niya sa sariling bahay, para matuklasan ang tunay na identidad ng killer!

ANG TRAHEDYA NI BERT

Dulang May Isang Yugto

MGA TAUHAN

BERT, late 30s, call center agent

BENERAL, 40s, pulis

JOHN, 20s, patrolman

ELOY, 20s, katrabaho ni Bert

ASON, 70s, lola ni Bert

PANAHON at TAGPUAN

Interrogation Room. Kasalukuyan.

*Nasa kaliwa ng entablado ang mesa. Nasa dulong kaliwa si BERT, nakaupo. Nakatayo sa harap niya si BENERAL.*

BERT: Ako nga po ang pumatay sa boss ko.

BENERAL: Talaga lang ha? Ikaw ang pumatay. Sige nga, kung ikaw ang pumatay sa kanya, saan mo iniwan ang bangkay?

BERT: Sa pantry po.

BENERAL: Kita mo na. Natagpuan namin ang bangkay sa kainan n'yo sa opisina.

BERT: Oo nga po. Kainan po ang pantry.

BENERAL: At ano naman ang gagawin ng boss mo sa pantry? Pang-low level na emplayado lang ito!

BERT: Pinuntahan po niya ako para sabihing tanggal na ako sa trabaho. Gusto niyang magkaharap kami pag sinabi. Nakakahiya daw kasi kung idadaan niya sa email. At baka naman pag tsismisan ako ng mga tao pag pinatawag niya ako sa opisina.

BENERAL: Pag tsisismisan ka talaga nila ngayon. Kasi umaamin ka sa isang krimen na hindi naman ikaw ang gumawa.

BERT: Pero ako po talaga ang pumatay sa kanya!

BENERAL: Bata, sa sobrang dami ng taon ko na sa pagiging pulis, pakiramdam ko ipinanganak akong pulis. Tingnan mo, tingnan mo. (*Ipapakita ang puting buhok.*) Hindi PNP ang pinasukan ko, Philippine Constabulary! (*Patlang*.) Alam mo ba kung ano ang Philippine Constabulary?

BERT: Iyon po ba iyong nakakabayo?

BENERAL (*Hahampasin ang mesa*): Tarantado talaga kayong mga millennial!

*Papasok si JOHN sa entablado. Bubulong ito kay BENERAL. Tatango si BENERAL.*

BENERAL: Paano ba ‘yan, Bert? Pwede ba kitang tawaging Bert? May tip kaming natanggap. Malalaman na rin namin kung sino ang pinagtatakpan mo.

BERT: Pag nagkataon, Inspektor, ikaw ang uusisain kung bakit mo ako pinagtatakpan!

BENERAL (*Magve-vape.*): Pwede ba--?

BERT: Alam mo namang pareho lang iyang nakakakanser, hindi ba?

BENERAL: Mas ligtas pa rin ito sa paninigarilyo.

BERT: Isipin mo nga--bakit siya kasing sarap ng paninigarilyo, kung mas mapanganib talaga ang paningarilyo.

BENERAL (*Bubuga ng usok, parang dragon*): Ako pa ang tinakot mo, bata. (*Patlang.*) Magsimula tayo sa simula.

BERT: Sinabi ko na sa inyo, iniwan ko ang bangkay niya sa pantry.

BENERAL: Sa simulang-simula! Kwentuhan mo ako tungkol sa mga magulang mo. (*Sesenyas kay JOHN, na aalis ng entablado.*) Sabihin mo sa akin, naninigarilyo ba ang tatay mo?

BERT (*Sasakyan na lang si BENERAL*): Hindi, pero ang nanay ko, oo. Philip Morris, kung interesado ka. Piso noon ang Philip, 75 ang Marlboro, 50 ang Winston. Mamahalin pa noon ang blue seal.

BENERAL: Mukhang maalam ka tungkol sa sigarilyo.

BERT: May sari-sari kasi kami. (*Ipepresenta ang mga posas. Iaabot ni BENERAL ang susi. Papakawalan ni BERT ang sarili.*) Madalas, ako ang nagbebenta, habang nagsusugal ang nanay ko. Tong its.

BENERAL: Naglaro ba s'ya ng pusoy dos? Doon ako magaling. Doon tsaka chikacha.

BERT (*Tatayo, hindi papansin si BENERAL. Maglalabas ng deck ng cards mula sa bulsa*): Mahilig din ako sa cards noon. Gusto kong maging magician! (*Magbabalasa*.) Pili ka, kahit ano. (*Pipili si BENERAL*.) Ace of Spades!

BENERAL (*Sinsero*): Ang galing! Paano mo nagawa iyon?

BERT (*Ipapakita ang mga card*): Every other card, Ace of Spades.

BENERAL: Ano ka ba, sinira mo. Bakit mo ipinaliwanag?

BERT: Tinanong mo e. (*Patlang*.) Tsaka, pag nagawa ko na kasi ang isang trick, ayoko nang ulitin. Gusto ko, laging bago ang material ko. Para din akong nanay ko, adik. Pero siya, adik sa sugal. Ako, adik ka kahusayan.

BENERAL: Motivation!

BERT (*Hindi papansinin ang hirit ni BENERAL*): Tandaan mo, hindi pa uso ang Internet noong lumalaki ako. College na ako nagka-cellphone. Kaya para makapag-research, pumupunta ako ng library. Library sa school, pati local library namin. Kaya ang mga kaibigan ko, hindi ba. Mga librarian!

BENERAL (*Aside*): Nerd na nerd!

BERT: Nerd na kung nerd. Hindi naman ako ma-bully ng mga bobo sa school at sa kalsada. Kasi sa school, protektado ako ng mga teacher. First honor yata 'to!

BENERAL: At sa kalsada? Sino ang protektor mo?

BERT: E di ang nanay ko. Hindi lang naman sa tong its mahilig yon. Mahilig din siya sa sapakan. Kung kakantiin ako ng mga bata, mga magulang nila ang magbabayad. Handang makipaghatawan ang nanay ko, ang mga nanay at tatay nila, hindi.

BENERAL: Mukhang mahal na mahal mo ang nanay mo.

BERT: Kahit naman mga mamamatay-tao at magnanakaw, mahal ang nanay nila.

BENERAL: Nanay mo lang? Hindi mo yata binabanggit ang tatay mo.

BERT: Nanay ko lang ang nagsisigarilyo e.

BENERAL: At ang tatay mo?

BERT: Namatay sa kanser. Second hand smoking ang sanhi.

BENERAL: Dahil sa nanay mo?

BERT: Pwede, pwedeng hindi. Sa opisina kasi ang tatay ko. Para makapag-networking, kailangan niyang sumama sa naninigarilyo. KJ na nga siya kasi di siya nagyoyosi. Talagang maa-other siya kung hindi pa siya sasama sa mga tambay.

BENERAL: Siya rin ba, handang makipagbugbugan para sa iyo?

BERT (*Yuyuko*): Isa lang naman ang kayang bugbugin ng tatay ko.

BENERAL: Ang nanay mo?

BERT: Hindi.

BENERAL: Ikaw?

BERT: Hindi rin.

BENERAL: Ang sarili n'ya?

BERT: Oo. Laging pukpukan sa trabaho. Puyat na nga, maaga pang gigising. Kaya rin nanghinga ang katawan niya.

BENERAL: Sa ano bang industriya siya?

BERT: Alam mo, hindi ko rin alam. Basta, nakaputing polo siya, at meron siyang briefcase. Namatay kasi siya, kakasimula ko pa lang ng high school. Pag tinatanong ko naman ang nanay ko, hindi rin niya maipaliwanag. Basta daw ang mahalaga, may bubong ang bahay namin, may pagkain sa mga plato.

BENERAL: Baka ilegal.

BERT: Pwede. Baka goons siya ng isang congressman.

BENERAL: Baka siya ang tunay na dahilan kung bakit hindi ka ginagalaw ng mga bully, sa school man o sa kalsada. Kasi alam nila ang tunay na trabaho ng tatay mo. Berdugo!

BERT: Berdugo talaga? Hindi ba ikaw 'yon, parak?

BENERAL: Hindi lahat ng pulis, mamamatay-tao. Ako ang 1%! Ako ang (*sing-song*) only exception.

BERT: Wala ka pang napapatay buong karera mo, Inspektor.

BENERAL (*Bubuga ulit ng usok*): Hindi iyan ang sinabi ko.

BERT: Ilan na ba ang napapatay mo, Inspektor?

BENERAL: Mas marami pa rin naman akong naililigtas.

BERT: Paano ka naman nakakaligtas ng buhay, aber?

BENERAL: Nanghuhuli ako ng mamamatay-tao. Dahil sa akin, nasa loob sila ng mga hawla. Kaya hindi na sila nakakapatay uli.

BERT (*Tatayo, galit na galit*): Bakit hindi ang mga kapwa pulis mo ang hulihin mo?

BENERAL: Woke na woke tayo a. Para namang hindi ka sa pulis tatakbo pa may nang-snatch ng cellphone mo.

BERT: Ganoon ba, dahil mahilig ako sa gadget, at pinagtatakpan mo ang mga kapwa mo pulis, pareho na tayong ipokrito?

BENERAL: Magkaiba siguro tayo ng lebel, pero oo, pareho tayong ipokrito. Isa lang naman ang pwede mong sabihin para makumbinsi mo akong magkaiba tayo. (*Patlang.*) Sabihin mo sa akin kung sino ang pumatay sa boss mo.

BERT at BENERAL: Sino?

JOHN (*Sisilip, ulo lang ang papasok*): Sino?

BERT, JOHN, BENERAL: Sino ang pumatay kay boss?

*Aatras ang ulo ni JOHN.*

BERT: Ako nga sinabi!

BENERAL Hindi nga ako naniniwala sinabi.

BERT: Ano bang pakialam mo kung ako o hindi ang tunay na pumatay kay boss? Hindi ba dapat mas mahalaga sa iyo na masarado na ‘tong kaso? Maipapakulong mo ako, makakapag-presscon ka pa.

BENERAL: Hindi mo ako kilala. Akala mo lang, kilala mo ang mga pulis. Pero hindi lahat ng pulis, kilala mo. (*Patlang.*) At ikaw, ikaw kilalang-kilala ko. (*Maglalabas ng tickler*.)

BERT: Sige nga, ano ang psych profile ko, Inspektor?

BENERAL (*Magbabasa mula sa tickler*): Mama’s boy. Nerd. Nailigtas mula sa normal na kabataan. May daddy issues din. Perpektong kombinasyon. Pormula para sa patsy.

BERT: Hindi ako patsy.

BENERAL: Akala mo ba sa ‘yo ko nalaman na namatay sa cancer of the lung ang tatay mo, ha? (*Bubuga ng usok.*) Sa tingin mo ba talaga nagve-vape ako?

BERT (*Mapapaupo*): Hindi ako patsy.

BENERAL: Hindi ka mamamatay-tao!

BERT: Hindi...

BENERAL: Hindi ka mamamatay-tao. Nasa opisina ng boss ko ang nanay mo. Nag-aalala. Gusto niyang malaman kung anong nangyari sa iyo. Hindi siya makapaniwalang mamakakapatay ka. Swerte kayong pareho, unang tingin ko pa lang sa iyo, ako rin, hindi makapaniwalang makakapatay ka. Pero, unang tingin ko pa lang sa iyo, alam ko na rin na ikaw iyong uri ng tao na pwedeng lokohin. Madaling ma-manipulate. (*Patlang.*) O di kaya, blackmail?

BERT (*Magsha-shut down. Para na lang nagre-recite ng script na minemorya*): Walang namba-blackmail sa akin. Walang nanloloko sa akin. Ako ang pumatay sa boss ko. Ako ang pumatay sa boss ko. (*Ipoposas ulit ang sarili.*)

BENERAL: Nalintikan na. (*Sisigaw.*) Patrolman!

JOHN (*Papasok sa entablado.*): Inspektor!

BENERAL: Kunin mo na 'to. Naubusan na ng baterya.

*Aalalayan ni JOHN patayo si BERT.*

BENERAL: Sino?

JOHN, BERT, BENERAL: Sino? Sino ang pumatay kay boss?

*Lalabas ng entablado si JOHN at BERT. Babalik din agad si JOHN.*

JOHN: Paano na ngayon, Inspektor?

BENERAL: Nasabi ko na ba sa iyo kung bakit ako nagpulis, Patrolman?

JOHN: Mangilan-ngilang beses na rin, Inspektor.

BENERAL (*Hindi papansinin si JOHN*): Dahil kay Gary Estada. Siya kasi ‘yung gumanap sa pelikulang napanood ko. Tungkol sa isang guard na mag-isang lumaban sa isang gang ng magnanakaw sa banko. Galing. Teenager ako nang mapanood ko ‘yon. Iyong guard talaga, iyong tunay na tao, inabutan pa ng shotgun ni Erap.

JOHN: Anong pelikula nga ba ‘to, Inspektor.

BENERAL: Alam mo, hindi ko na maalala.

JOHN: Ba’t di n’yo igugel, ser?

BENERAL: Hindi na ‘yon mahalaga. Ang mahalaga, mula sa pelikulang ‘yon natutunan ko na kahit isang tao, basta tumitindig para sa kung ano ang tama, kayang lumaban sa marami. At, Patrolman, alam ko, marami akong kalaban sa kasong ito. Nangangamoy sabwatan e. Hindi nila alam, mas komplikado ang conspiracy, mas lalong kumikislot ang utak ko. (*Patlang.*) Papasukin mo ‘yung katrabaho.

*Sasaludo si JOHN, saka lalabas ng entablado. Papasok pagkalabas ni JOHN si ELOY.*

ELOY (*Susunod kay BENERAL.*): Sir, parang awa n’yo na, wala pong kasalanan si Bert.

BENERAL: Alam ko, hija. (*Maaasiwa sa proximity ni ELOY*.) Pwedeng bang umupo ka muna?

*Uupo si ELOY*.

BENERAL: Ngayon, ipaliwanag mo sa akin, sino ba ang pinagtatakpan ni Bert? Bakit niya aamining siya ang pumatay sa boss n'yo?

ELOY: Sir, ako po. Ako po ang pinagtatakpan ni Bert. Ako po ang pumatay sa boss namin.

BENERAL (*Sa audience*.): Anak ng pating.

ELOY: Baka iniisip n'yong me too moment ito, Sir, pero hindi. Mabait naman po si Boss Dan. Well, hindi mabait. Pero hindi siya manyak. Hindi siya nangha-harass.

BENERAL: Pero...

ELOY: Wala pong pero, disente siyang tao.

BENERAL: Bakit mo siya pinatay, kung gayon.

ELOY: Serial killer po ako, sir.

BENERAL: Talaga lang.

ELOY: Opo. (*Patlang.*) Napanood ko po kasi iyong *Dahmer* sa Netflix. Tsaka iyong tungkol kay Ted Bundy, iyong bida si Zach Efron.

BENERAL: Si Zach Efron ba iyong sa One Direction?

ELOY: No, sir. Sa ano siya, *High School Musical*.

BENERAL: A, tama. Pinoy ang ka-love team niya doon, di ba?

ELOY: Fil-Am po, sir, pero hindi yata sila ang magka-love team ni Vanessa Hudgens.

BENERAL: Alam ko sila e.

ELOY: Pwede n'yo namang igugel, sir. Kung gusto n'yo pagpustahan natin.

BENERAL: Mahilig ka bang magsugal, hija?

ELOY: Hindi, sir. Sabi ko nga, mahilig akong pumatay ng tao.

BENERAL: Alam mo, mahilig akong gumawa ng psychological profile. Sabihin na nating naniniwala nga akong serial killer ka. Bago mo pa man ilista kung sino-sino ang mga napatay mo na--

ELOY: Si Boss Dan pa lang, sir, ang napapatay ko.

BENERAL: E anong klaseng serial killer ka? Serial nga e.

ELOY: Kakasimula ko pa lang sir. Marami sana akong mapapatay, kung hindi lang dahil kay Bert.

BENERAL: Ano bang meron si Bert, at ina-out mo ang sarili mo para sa kanya.

ELOY: Mahal niya ako.

BENERAL: Mahal mo siya.

ELOY: Mahal niya ako, sir. Makinig naman kayo.

BENERAL: Mahal ka niya, kaya handa ka, unang-una, umamin sa pagpatay sa boss n'yo, at, pangalawa, tapusin agad ang kakasimula mo pa lang na karera bilang serial killer. Tama ba ako?

ELOY: Kawawa naman kaso, sir. Hindi ba kayo naniniwala sa kapangyarihan ng pag-ibig?

BENERAL: Itabi mo na lang iyang awa mo para sa white rhino, hija. Naniniwala ako sa kapangyarihan ng pag-ibig, pero naniniwala din ako sa lohika. Kung serial killer ka, sira-ulo ka. Kung sira-ulo ka, ba't mo isasakripisyo ang sarili mo para kay Bert?

ELOY: Kasi isinasakripisyo niya ang sarili niya para sa akin.

BENERAL: Hindi ba nga dapat natutuwa ka na ginawa niya iyon?

*Mahabang patlang.*

ELOY: Sabagay...

BENERAL: Anong pinagsasabi mong sabagay?

ELOY: Tama, sir. Ibig kong sabihin, pasensya na kayo, nalito lang ako. Ano kasi, ano, mahal ko si Bert. Mahal na mahal. Kaya, sana, isasakripisyo ko ang sarili ko para sa kanya. Pero ngayon, nakumbinsi n'yo akong wag sayangin ang buhay ko para sa kanya. Tama kayo, psychotic nga siya.

BENERAL: Sabi ko sira-ulo, hindi psychotic.

ELOY (*Tatayo.*): Paano, sir, mauna na po ako.

BENERAL: Umupo ka nga dyan, hindi ako natutuwa sa iyo. Ginugulo mo ang imbestigasyon ko.

ELOY (*Nakatayo pa rin.*): Pero, sir, siya naman talaga ang pumatay kay Boss Dan.

BENERAL: Sino?

ELOY at BENERAL: Sino? Sino ang pumatay kay Boss Dan?

ELOY: Si Bert po! Nakita ko sila, nagtatalo sila. Glass po kasi ang pader ng opisina ni Boss Dan. Pangarap ko iyon, isang araw, magkaroon ng opisina na glass ang pader.

BENERAL: Ano ang pinag-aawayan nila?

ELOY: Eloy po ang pangalan ko, sir, hindi Maritess.

BENERAL: Ano nga ang pinag-aawayan nila?

ELOY (*Uupo.*): Wag n'yong ipagkalat sa opisina 'to, sir a. Ayokong magkaroon ng reputasyon na tsismosa. Pero, nung lumapit ako sa pinto ni Boss Dan, kunwari papunta ako sa pantry, narinig ko, personal ang away nila. Nilalandi daw ni Bert ang girlfriend ni Boss Dan. Kaya, ayun, sinesesante siya ni Boss.

BENERAL: Nilalandi?

ELOY: Alam n'yo na.

BENERAL: Hindi, hindi ko alam.

ELOY: Nahuli sila ni Boss Dan. Nagtsutsuktsakan sa pantry.

BENERAL: Kadiri naman.

ELOY: Kadiri talaga, kainan kaya 'yon!

BENERAL (*Ilalabas ang tickler notebook.*): At ano naman ang pangalan ng babaeng ito?

ELOY: Alam n'yo na 'yon, sir. Clue, hindi Maritess.

BENERAL (*Galit na galit.*): Niloloko mo ba talaga ako?

ELOY (*Walang reaksyon sa outburst ni BENERAL.*): Wala naman akong sinabing hindi totoo, sir.

BENERAL: Pagpasok mo pa lang sa kwartong ito, wala ka nang sinabi kundi kasinungalingan. (*Tatalon sa mga pahina ng tickler.*) Hindi man lang nga Eloy ang pangalan mo e.

ELOY: Eloisa sir. Eloy ang palayaw ko.

BENERAL: Eloisa Maritess Pascual! Maritess ka nga!

ELOY: Middle naman ko ang Maritess, sir, hindi ko pangalan.

BENERAL (*Babasahin ang tickler.*): Aba oo nga ano?

ELOY: Pwede na ba akong umalis, sir?

*Magve-vape si BENERAL para pakalmahin ang sarili. Na-outmaneuver siya ni ELOY sa sitwasyong ito, at gusto niyang mabawi ang kontrol sa sitwasyon.*

BENERAL: Ilarawan mo sa akin si Bert, bilang katrabaho.

ELOY: Mabait naman. Tahimik siya. Hindi ‘yon nagyoyosi, pero sumasama sa amin sa lung center. (*Patlang.*) Lung center ang tawag namin sa pwesto sa opisina para makapagyosi. Noon una, akala ko, gusto niyang mapalapit sa akin. Pero kahit pala wala ako, sumasama siya sa mga nagsisigarilyo. Gusto lang pala niyang may kasama. Naawa ako sa kanya.

BENERAL: Naawa ka sa kanya, kaya mo siya inakit?

ELOY: Naawa ako sa kanya, kaya ako naakit sa kanya. Para siyang ano, asong nawala? Iyon bang, gusto ng amo. Mas gugustuhing naka... naka-chain. What’s chain? Tanikala! Mas gugustuhin pa niyang nakatanikala, nakahawla, kesa maging malaya.

BENERAL: Naghahanap siya ng amo, at ikaw, naghahanap ng... alipin?

ELOY: Alipin agad? Alaga!

BENERAL: Iyon ang tingin mo sa kanya, alaga.

ELOY: Mabait naman akong amo, ano? Binilhan ko siya ng masarap na pagkain. Masustansya, puro kasi junk food at cup noodles ang ulam niya. Pag may okasyon, binibilhan ko siya ng damit. Nagpa-made to order pa ako ng Halloween costume para sa kanya. Ako ba ang nanalo sa Halloween party namin? Hindi. Siya ang nanalo, dahil sa akin.

BENERAL: Iyon ang gusto mo, na ikaw ang nasa likod niya. Kumokontrol sa kanya.

ELOY: Kontrol na o hindi, basta, marami siyang nakuha sa akin. Kinompiska lang sa harap ng kapwa n'yo pulis, pero may brooch siya. Hindi necklace a, brooch. Ibabalik naman sa kanya ‘yon, di ba?

BENERAL: Kinuha ng pulis, umaasa kang ibabalik? Kung di ‘yon nasangla, nairegalo na ‘yon sa kabit ni Sarge. (*Patlang.*) Mahal mo ba siya?

ELOY: May aso ba kayo, sir?

BENERAL (*Tatango kay ELOY.*): Patrolman! (*Lalakasan.*) Patrolman!

*Papasok si JOHN sa entablado, may dalang dalawang kape. Sesenyas si BENERAL. Ilalabas ni JOHN si ELOY, na matagumpay na kakaway kay BENERAL. Magve-vape si BENERAL. Uupo si JOHN pagkatapos iabot ang kape ni BENERAL.*

JOHN: Nahihirapan kayo, Inspektor?

BENERAL: Medyo nadiskaril lang. Kailangan ko lang mag-isip, bago ako magpatuloy.

JOHN: Naniniwala ka ba talaga kay Bert, Ser?

BENERAL: Hindi s'ya ang killer. Pero alam n'ya kung sino. Ang kailangan kong malaman, bakit n'ya pinagtatakpan. Pagkatapos, madali nang malaman kung sino ang pinagtatakpan n'ya.

JOHN (*Iinom ng sariling kape.*): Ang hirap ng trabaho mo, Ser. Aabutin na naman tayo ng kung anong oras. Hindi mo ba nami-miss ang misis mo, Ser?

BENERAL: Wag mong ipaalala't may kaunti kaming hindi pagkakaintindihan sa bahay. Kakalipat pa lang namin puro na kami bangayan. Mahilig kasi 'yon sa pamahiin. Mga espiritu-espiritu, third eye-third eye. Kagabi lang, sabi, magpa-blessing daw kami. Sabi ko, blessing? E di pupunta 'yung pari sa bahay natin?

JOHN: Bakit ayaw n'yo sa blessing? Ayaw n'yo ba sa Diyos?

BENERAL: Iyan! Iyan mismo ang sabi n'ya. Kako, wala akong problema sa Diyos. Pero 'yang mga pari, putang ina ang mga 'yan. Pati ang mga pastor.

JOHN: Pag ministro?

BENERAL: Ministro? Motherfucker. (*Patlang.*) Kaya ikaw Patrolman, mag-ingat-ingat ka sa babae. Kailangan kilala mo muna, bago mo pakasalan. Kung pwede nga lang, dapat kilalang-

kilala mo muna bago mo pa lang ligawan. (*Patlang.*) Ginagawa n'yo pa ba ngayon 'yan, 'yung ligaw?

JOHN: Tingnan mo 'to, Inspektor. (*Iaabot ang cellphone.*) Prototype 'yan ng app ng start up ng pinsan ko. Investor ako.

BENERAL (*sounding out*): Ar tu di tu? Ano 'to, parang Netflix? Disney Plus? Hindi ba 'to copyright infringement?

JOHN: 'To naman, hindi ba kayo marunong ng jejemon? (*Sounding out*) Re to di to. Reto dito! Bale para s'yang Facebook at Tinder. Sa Tinder di ba, pag type mo 'yung tao, swipe ka. Pag nag-swipe din s'ya, match kayo. Pwede na kayo mag-usap. D'yan, dapat hindi kayo magkakonekta sa network. Kailangan lang, may mutual friends kayo. Ire-*reto* ka ng kaibigan mo sa kaibigan niyang hindi mo kaibigan. Kumbaga, 'yung kaibigan mo ang guarantor na hindi sira-ulo ang ide-date mo.

BENERAL: E bakit R2? Ar tu iyon. Kung reto, dapat Re 2.

JOHN: Mag-imbestiga ka na lang, Ser. Iwan mo na teknolohiya sa mga Gen-Z tulad ko.

BENERAL: Talagang iyan ang hilig mo 'no, hindi ang pagpupulis?

JOHN: Pasensya na kayo, Ser. Alam kong mahal na mahal n'yo ang pagiging imbestigador. Pero hindi naman tayo nabiyayaan ng isip na tulad ng inyo.

BENERAL: Matalino ka naman (*iispin kung ano ang pangalan ni JOHN*) Patrolman.

JOHN: Matalino sa kalokohan. Wag n'yo na 'kong bolahin, Ser, nabasa ko naman evaluation n'yo sa akin. Matalino naman talaga ako, pero sa mga teknikal na bagay. Pangarap ko talaga maging computer scientist. Hindi ko nga alam kung paano ako napadpad sa criminology. Kayo, Ser, interesado kasi kayo sa puso at isip ng tao. Masaya kayo pag naiintindihan n'yo 'yung hindi namin maintindihan. Para kayo 'yung mga tumitingin sa mga walang saysay na painting, pagkatapos pag ipinaliwanag, makukumbinsi ka talaga.

BENERAL: Magaling ka, John (*Ididiin ang pangalan para kunwari noon pa man alam niya na ito.*). Wag mong pakinggan 'yung eval ko. Natunugan mo kayang nagsisinungaling si Bert.

BONG: Natutunan ko lang 'yon sa 'yo, Ser. Wag magtiwala sa mga malihim. Wag magtiwala sa mga madaldal. (*Kasabay ni BENERAL.*) Magtiwala lang sa sariling kutob.

BENERAL (*Kasabay ni JOHN.*): Magtiwala lang sa sariling kutob. (*Patlang.*) Sige, kung gayon. Sabihin mo sa akin, ano ang sinasabi ng kutob mo?

BONG: Wala, Ser e.

BENERAL: Iyong totoo, wag kang magtago sa akin.

BONG: Wala talaga, Ser.

BENERAL: Sige na (*ididiin*) John. Wag kang mahiya. Sige ka, irerekomenda kita para sa promotion. Hindi ka makakapag-resign para makapag-concentrate sa app mo.

JOHN: Ser... Sabi ng kutob ko, mali kayo tungkol sa kasong ito. Ang sabi ng kutob ko, si bert talaga ang pumatay kay Danny delos Reyes. Pero naaawa kayo sa kanya, kaya naghahabol kayo ng multo. Gusto n'yo, interbyuhin lahat ng call center agent sa opisina nila, kahit iyong abset naman kahapon, bago s'ya mapatay. Mag-uubos tayo ng oras dito, imbes na umuwi kayo sa misis n'yo para makapag-ayos, at makauwi ako sa bahay para maghanap ng bagong pangalan para sa app ko.

BENERAL: Para ka rin palang si Marian Rivera, John. Pwedeng-pwede ka talagang maging imbestigador. Detective material ka. Ang mga sinabi mo tungkol sa akin, saktong-sakto. Tamang-tama. You're a psychology!

JOHN: Hindi ko gets ang reference n'yo, Ser.

BENERAL: Tarantado ka, papasukin mo 'yung nanay ni Bert.

JOHN: Nanay, Inspektor?

BENERAL: Oo, iyong matandang kanina pa ngawa nang ngawa. Pakawalan daw ang Bertie niya.

JOHN: A, hindi niya ‘yon nanay, ser. Lola niya iyon.

*Iiwan ni JOHN ang kape sa mesa. Lalabas siya sa entablado. Iinumin ni BENERAL ang kape. Titikman niya ang kape ni JOHN. Ipagpapalit niya ang dalawang kape. Papasok si JOHN sa entablado, akay-akay si ASON. Tutulungan nina BERT at JOHN makaupo si ASON.*

ASON (*Ibababa ang bag sa mesa.*): Nasaan na ang Bert ko, Mamang Pulis. Nasa inyo daw po siya.

BENERAL: Nay, ako po si Tinyente Beneral. Pwede n’yo po akong tawaging Inspektor.

ASON: Mamang Pulis, mabait po ang apo ko. Naloloko lang siya sa babaeng iyon...

BENERAL (*Magsusulat sa tickler.*): Babae? Si Eloy?

ASON: Hindi po. Si Danny. Danny delos Reyes.

BENERAL: Ang boss niya?

ASON: Ang kasintahan niya.

BENERAL (*Mapapaupo.*): Girlfriend niya ang boss niya?

ASON: Inaalipin siya ng babaeng iyon. Laging pinagpupuyat sa trabaho.

BENERAL: Call center agent po kasi ang apo n'yo, nay.

ASON: Nasa bahay na siya, tawag pa rin nang tawag.

BENERAL: Hindi po nay, mga kliyente po niya iyon. Minsan po kasi, Work From Home ang apo n'yo.

ASON: Ay, Mamang Pulis. Kung alam n'yo lang ang hirap na magpalaki ng anak.

BENERAL: Pero apo n'yo si Bert.

ASON: Anak po siya ng anak ko, pero anak na rin ang turing ko sa kanya. Ang anak ko kasi, hindi marunong mag-alaga. Puro sugal ang inaatupag. (*Iinom ng kape.*)

BENERAL: Swerte po siya sa inyo, si Bert.

ASON: At ako naman ay swerte kay Bertie. Napakabait na bata. Hindi iyan umiiyak, noong baby pa lang. Magutom man, matae man. Hihintayin ka niyang tingnan mo siya. Nasanay kasing hindi pinapansin ng anak ko. Lulong kasi ang batang iyon sa sugal.

BENERAL: Kaya nga nay, kailangan mong kumbinsihin ang anak mo. Aminin niya sa amin kung sino talaga ang pumatay sa boss niya. Para hindi siya makulong.

ASON: Ako po, Mamang Pulis, ang pumatay sa boss niya.

BENERAL (*Tatayo.*): Pumila kayo, nay! Lahat na lang, sila ang pumatay kay Danny. Sino ba... sino ba... Sino?

ASON at BENERAL: Sino?

BENERAL: Sino ang hindi pumatay kay Danny?

ASON: Ako po talaga, Mamang Pulis. Pumunta po ako sa opisina nina Bertie. (*Patlang.*) Nagpanggap po akong janitor, hindi naman ako hinarang ng mga guard. Pinanood ko sila.

Nakikita po ang loob ng kwarto ng boss ni Bertie, kaya mula sa labas. Hinintay ko pong lumabas si Bertie. Binulyawan na naman siya ng babaeng iyon.

BENERAL: Nanay...

ASON: May anak po ba kayo, Mamang Pulis?

BENERAL: Opo.

ASON: Kung gayon, alam n'yo ang sinasabi ko. Mas gugustuhin n'yo pang kayo ang masaktan. Dinudurog ng babaeng iyon ang puso niya. Pati kaluluwa ng anak ko, pinapatay niya. Ano ba naman ang magagawa ko? Matanda na ako. Hindi naman ako mayaman. Naisip ko, kaunti na lang ang oras ko sa mundong ito. Wala naman akong maipapamaman kay Bertie. Ito na lang ang huling regalo ko sa kanya. (*Patlang.*) Pumasok po ako sa kwarto ng boss niya. Hindi ako pinansin ng babaeng iyon! Hindi man lang yata niya ako naalala, kahit ilang beses na siyang inuuwi ni Bertie sa amin. Ibinaba ko iyong... iyong... ano nga bang tawag doon, Mamang Pulis?

BENERAL: Blinds?

ASON: Blinds! (*Tatawa.*) Sinaksak ko siya.

BENERAL: Nay, mawalang galang na po, pero wala na po kayong lakas para magbaon ng kutsilyo sa likod ng isang (*titingnan ang tickler*) 35 year old na babae. Wow, 35 pero boss na.

ASON: Nilason ko muna siya, Mamang Pulis. (*Maglalabas ng botelya mula sa bag. Ibubuhos ang laman nito sa kape ni BENERAL.*) Inilagay ko sa thermos niya. Nang mahilo siya... (*Aaktong parang sumasaksak.*)

BENERAL (*Babasahin ang tickler*.): Mga anong oras ito, nay?

ASON: Alas dos ng hapon po.

BENERAL: At walang pumansin sa inyo?

ASON: Ikaw, ba, Mamang Pulis, papansinin mo ako?

*Mahabang patlang.*

*Iinumin ni BENERAL ang kape.*

BENERAL (*Tatawa.*): Pinasakay n'yo ako, nay! Ang galing n'yo!

ASON: Tatakas na po sana ako, kaso dumating si Bertie.

BENERAL (*Tatayo.*): Nay, tama na po. Hindi n'yo ako maloloko.

ASON: Hindi ko naman planong madamay siya.

BENERAL: Ay si nanay, pam-Famas.

ASON: May CCTV daw po sa opisina nila, sigurado daw pong may recording sa akin.

BENERAL: Talaga naman, commitment!

ASON: Siya na lang daw po ang mag-aayos ng lahat. Tinulungan siya ng kaibigan niya. (*Bubulong.*) Iyong tibo! (*Normal na boses*.) Tinakas nila ako. Sa fire exit nila ako pinadaan.

BENERAL (*Mahihilo*.): Tama na nay, hindi na ako natutuwa.

ASON: Wala ka bang nanay, Mamang Pulis?

*Susubukang umupo, pero mapapaluhod na lang.*

*Mahabang patlang.*

BENERAL (*Magve-vape.*): Meron po nay, pero hindi kami malapit sa isa't isa. Workaholic po kasi iyon noong bata ako. Lagi niyang sinasabi, nagpupuyat siya sa trabaho para sa aming magkakapatid. Pero, ewan ko lang, duda ko, puro siya trabaho kasi ayaw niyang alagaan kami. (*Tatayo. Pupunta sa dulong kanan ng entablado para bumuga.*) Hindi naman masama ang loob ko sa kanya. Wala akong lola tulad n'yo, pero meron naman akong tatay. Sapat na iyon. Sa akin a. Iyong Ate ko, galit na galit talaga kay Mama.

ASON: Pakawalan n'yo ang apo ko, Mamang Pulis.

BENERAL: Pag inamin na niya kung sino talaga ang pumatay sa boss niya. (*Sisigaw.*) Patrolman! John!

BERT (*Papasok sa entablado. Tatakbo kay ASON.*): La! (*Kay BENERAL.*) Inspektor, wag po kayong makikinig sa kanya. Ako talaga ang pumatay sa boss ko.

ELOY (*Papasok sa entablado. Tatakbo kay BERT.*): Bert! (*Kay BENERAL.*) Sir, wag po kayong makikinig sa kanya. Ako po talaga ang pumatay sa boss namin.

BERT: Wag kayong makinig d'yan, Inspektor. Alam mo naman ang ginawa n'ya, di ba? (*Titingin kay BERT.*) Papunta s'ya ng interview sa ibang kompanya. Naka-rent a car s'ya. Mabilis magpatakbo ang driver, s'ya na mismo ang nagsabi. Minessage pa n'ya ako, pakiramdam n'ya

imbes na umabot sa interview n'ya, mamamatay s'ya. Anong nangyari? Nakabangga nga 'yung driver. Lolong bumababa ng jeepney ang biktima.

BENERAL: Diyos ko!

ELOY: At anong ginawa n’ya? Testigo s'ya dapat. Iniwan n'ya 'yung kotse, nag-taxi s'ya papunta sa interview n'ya. Napakairesponsable!

BERT: "Iresponsable" e binigyan ko kaya ng one-star!

ASON: Wag kayong makikinig sa kanila, Mamang Pulis. Ako ang pumatay sa boss nila.

BENERAL (*Aburidong-aburido.*): John, anak ka ng pating!

*Papasok si JOHN, bubulong kay BENERAL.*

BENERAL (*Kalmado na.*): Sige, ilabas mo na muna ‘yang dalawa.

*Aalalayan ni JOHN palabas ng entablado si ASON, habang hinihila ang nagpupumiglas na si ELOY.*

ELOY: Bert!

ASON: Bertie!

BERT: Ako!

ELOY at ASO: Ako!

BERT, ELOY, at ASON: Ako ang pumatay kay Boss Danny.

*Lalabas sina JOHN, ASON, at ELOY sa entablado.*

BENERAL: Mag-isa na naman tayong dalawa.

BERT (*Uupo.*): Handa na ba kayong arestuhin ako, Inspektor?

BENERAL: Ginulo n'yo ang estasyon namin, pero normal na namang magulo dito. Pagbigyan na kita.

BERT: At ang pagpatay ko sa boss ko?

BENERAL: A, iyon. Well, sino ba sa atin ang hindi inisip, kahit isang beses, na patayin ang sariling boss? Nako, kung bibigyan ako ng piso tuwing nai-imagine kong sakalin si Chief, aba, pwede na akong magretiro.

BERT: Pero hindi ko lang inisip patayin ang boss ko, Inspektor. Pinatay ko talaga siya.

BENERAL: Iyon ba? Hamo na. Basta, wag mo nang uulitin a.

BERT: Talaga ba, sir? Pu--pwede na po akong umuwi?

BENERAL: Pwedeng-pwede.

BERT: Talaga po ba? Wala nang... trial? Wala akong kailangang pirmahan?

BENERAL: Ako na ang bahala sa lahat, wag ka nang mag-alala.

*Unti-unting aalis si BERT, nakatutok ang mga mata kay BENERAL. Maiiwan si BENERAL mag-isa sa entablado, paminsan-minsan ay magve-vape. Papasok si JOHN sa entablado.*

JOHN: Sir, hinayaan n'yo daw pong umalis 'yung suspek?

BENERAL: Oo, hindi naman siya flight risk. Hindi 'yon tatakbo.

JOHN: Pero siya ang pumatay sa boss niya.

BENERAL: Alam ko.

JOHN: Hindi n'yo ba siya aarestuhin?

BENERAL: Ginawa ko na 'yon kanina. Kung ipapaaresto siya ulit ni Chief, kayo nang mga patrolman ang bahala sa kanya.

JOHN: Pero bakit n'yo siya hinayaang makawala?

BENERAL: Hindi ko maintindihan e.

JOHN: Ang alin, Inspektor?

BENERAL: Kung bakit niya pinatay ang boss niya.

JOHN: Mahalaga pa ba 'yon, sir? Ang kailangan lang naman nating mga pulis malaman, sino ang pumatay. Kaya lang natin itinatanong kung bakit pumatay ay para masagot ang sino.

BENERAL: Iyon ba talaga ang tingin mo, John? Buti na lang pala at aalis ka na sa kapulisan.

JOHN: Ang sakit n'yo namang magsalita.

BENERAL: Hindi ko trabaho maging mabait sa iyo, Patrolman. Ang trabaho ko, humuli ng mamamatay-tao. Pero higit pa roon ang dahilan kung bakit ko ginagawa ang ginagawa ko. At hindi mo 'yon maiintidihan, kasi mukha kang app!

JOHN (*Halos hindi makapagsalita.*): Kukunin ko pa naman sana kayong co-investor! (*Magdadabog, lalabas ng entablado.*)

*Mahabang patlang.*

*Babalik ng entablado si JOHN.*

JOHN: Alam n'yo bang ginugel ko pa talaga ang pelikula ko ni Gary Estrada para sa inyo?

BENERAL: Talaga lang a, anong pamagat?

JOHN: *Parañaque Bank Robbery*!

BENERAL: At ang subtitle, aber?

JOHN: *Joselito Yuseco Story*!

*Papasok si BERT sa entablado. Uupo si BERT. Titingin lang si BERT kay BENERAL. Magve-vape lang si BENERAL, titingin sa malayo. Bubulong si BENERAL kay JOHN. Magpapalitan sina BENERAL at JOHN ng bulungan, parang nagtatalo. Sa huli, bagaman reluctant, tatango si JOHN at lalabas ng entablado.*

BERT: Inspektor? Andito ako ulit. Hindi ako tumakas.

*Hindi sasagot si BENERAL.*

BERT: Inspektor? Ako po talaga ang pumatay sa boss ko.

BENERAL: Aaminin ko sa iyo, Gilbert. Akala ko talaga iyong Lola mo ang may gawa. Iyong syota mo, medyo convincing, pero wala sa puso niya ang pagtatanghal.

BERT: Magaling po talaga si Lola. Sinsero e. (*Patlang.*) Gusto n'yo bang malaman kung paano ko ginawa?

BENERAL (*Haharap kay BERT.*): Sige, sabihin mo. Pero, higit sa paano, kailangan kong malaman, bakit. Bakit?

BERT at BENERAL: Bakit?

BENERAL: Bakit mo pinatay ang boss mo?

BERT (*kasabay ni BENERAL.*): Bakit ko pinatay ang boss ko?

BENERAL: Simulan mo sa simula. Sa simulang-simula.

BERT: Bakit ko pinatay ang boss ko? (*Patlang.*) May aso ba kayo, Inspektor?

DILIM